# Sagot sa mga tanong ng mamamahayag sa kampus

ni Marco L. Valbuena, Kawanihan sa Impormasyon
Partido Komunista ng Pilipinas

Nitong nagdaang mga linggo, kolektibo at kani-kanyang ibinato ng mamamahayag sa kampus ang mahahalagang katanungan sa usapin ng terorismo, ang pagsasabatas ng *Anti-Terror Law* at ang paggamit ng *terror-tagging* ng rehimeng Duterte laban sa PKP at BHB. Tinipon namin ang mga katanungan at mga sagot ni Marco L. Valbuena, Pinuno sa Gawaing Impormasyon ng PKP.

Inilalathala namin ang mga tanong at kasagutan bilang gabay at materyal sa pag-aaral na maaaring gamitin ng mga rebolusyonaryo, aktibista, estudyante, mamamahayag at maging mga ordinaryong mamamayan na nagnanais malaman ang pananaw ng PKP sa usaping terorismo.

## Q Ano ang nagtulak sa pagtatayo ng partido komunista sa bansa?

Itinatag ang Partido sa gitna ng lumulubhang krisis sa lipunan, ekonomya at pulitika. Ang tumitinding pang-aapi at pagsasamantala sa malawak na masa sa porma ng pyudal na upa sa lupa, pang-aagaw ng lupa, mababang sahod, kawalan ng trabaho at krisis sa ekonomya, lumolobong utang, korapsyon at pagsupil sa demokratikong mga karapatan ang pumukaw sa mamamayang Pilipino na maglunsad ng rebolusyonaryong pakikibaka sa linya ng pambansang demokrasya upang wakasan ang sistemang malakolonyal at malapyudal.

Ang pagtatatag ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) noong Disyembre 26, 1968 ay ibinunsod ng pangangailangang pamunuan ng uring manggagawang Pilipino ang pakikibaka ng malawak na masa ng sambayanang Pilipino para sa pambansa at panlipunang paglaya.

May pangangailangan para sa isang partido komunista o pampulitikang partido ng uring manggagawa upang magsilbing taliba o pinuno ng rebolusyong Pilipino. Taglay ang syentipikong pananaw-sa-daigdig, mayroong paninindigan at lakas ang uring manggagawa na bigkisin at pamunuan ang lahat ng demokratiko at patriyotikong mga uri sa bansa upang maglunsad ng panlipunang rebolusyon upang pabagsakin ang reaksyunaryong mga uring malalaking burges kumprador at malalaking panginoong maylupa.



## Q Ano ang tinatanaw at mga layunin nito para sa bansa?

Nilalayon ng Partido na wakasan ang malakolonyal at malapyudal na sistemang sosyo-ekonomiko at palitan ang neokolonyal na estadong nagsisilbing diktadura ng malalaking burges kumprador, malalaking panginoong maylupa at mga burukratang kapitalista.

Layunin ng Partido na magtatag ng demokratikong gubyernong bayan na isang gubyernong koalisyon o nagkakaisang prente na kumakatawan sa mga interes ng demokratiko at patriyotikong mga uri ng manggagawa at magsasaka, at ang petiburgesya at pambansang burgesya.

Sa larangan ng ekonomya, layunin nitong magpatupad ng libreng pamamahagi ng lupa at pambansang industriyalisasyon upang wakasan ang atrasadong mga kalagayan sa

bansa, magluwal ng progresibo at modernong ekonomya at ilatag ang pundasyon para sa sosyalistang rebolusyon at konstruksyon sa hinaharap.

Ang programa ng Partido para sa demokratikong rebolusyong bayan ay may komprehensibong adyenda sa larangan ng pulitika, ekonomya, lipunan, kultura at militar kung saan kakatawanin ang demokratiko at patriyotikong mga interes ng sambayanang Pilipino.

## Q Paano maiuugat sa kasaysayan ang armadong pakikibaka at bakit sa tingin mo ay mahalaga ito sa rebolusyonaryong kilusan?

Sa kasaysayan, bawat rebolusyonaryong pag-aklas ay kinatampukan ng armadong pag-aalsa ng masang inaapi at sinasakop laban sa kanilang mga mang-aapi at mananakop. Mula sa sinaunang rebelyon ng mga alipin hanggang sa Rebolusyong Amerikano ng 1776, mula sa tuluy-tuloy na mga pag-aalsang magsasaka ni Dagohoy laban sa mga mananakop na Espanyol, sa Rebolusyong Katipunan at digmang Pilipino laban sa armadong okupasyon ng US sa pagpasok ng siglo, mula sa Sosyalistang Rebolusyong Oktubre ng 1917 hanggang sa rebolusyong Chinese noong 1949 at ang serye ng mga bagong demokratikong rebolusyon ng ika-20 siglo, laging gumampan ng mahalagang papel ang armadong pakikibaka sa mga pakikibaka para sa paglaya.

Mahalaga ang armadong pakikibaka dahil susing usapin sa alinmang rebolusyong panlipunan ang kapangyarihang pampulitika, ang pangangailangang agawin ito mula sa reaksyunaryong mga uri, at ang pangangailangang gamitin ito para magtatag ng bagong progresibong kaayusan. Nag-oorganisa ng mga hukbo at pwersang pulis ang naghaharing reaksyunaryong mga uri bilang susing mga elemento sa mapamwersang makinarya nito, upang proteksyunan ang kanilang propyedad at panatilihin ang mapang-api at mapagsamantalang sistema. Ang susing tungkulin sa alinmang rebolusyon ay durugin ang mapamwersang makinaryang ito at magtatag ng bagong armadong estado upang makasulong at makapagpunyagi ang progresibong mga elemento ng lipunan.

Dahil monopolisado ng naghaharing mga uri ang kapangyarihang pampulitika, dahil pumapabor ang mga batas sa interes ng mga oligarko, dahil kontrolado ng mga dinastiya ng naghaharing mga uri ang mga eleksyon, at dahil naririyan ang mga korte upang protektahan ang kanilang mga karapatan sa pag-aari, wala nang ibang epektibong paraan para sa aping masa na ipagtanggol at isulong ang kanilang mga karapatan, liban sa pagtangan ng armas at magsulong ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka.



## Q Bakit lumalahok ang mga indibidwal sa mga partidong nagsusulong ng demokratikong rebolusyon, partikular sa inyong organisasyon?

Sa pinakabatayang antas, ang mga myembro ng Partido, ang Bagong Hukbong Bayan at ang mga rebolusyonaryong organisasyong pangmasa ay itinutulak ng hangarin para sa hustisyang panlipunan at pambansang paglaya. Lahat sila'y naghahangad sa pagwawakas sa pang-aapi at pagsasamantala. Dahil dito, pangunahing humahango ang Partido ng mga myembro mula sa demokratiko at progresibong mga uri, laluna sa mga manggagawa at magsasaka, na dumaranas ng pinakamalalalang porma ng kahirapan at inhustisya, at sa gayo'y pinakanaghahangad ng rebolusyonaryong pagbabago. Wala halos silang ibang masulingan kundi ang magbigkis, tumangan ng armas, tumutol at lumaban.

Ang BHB, sa partikular , ay humahango ng karamihan sa mga mandirigma nito mula sa masang magsasaka at pambansang minorya. Nahihikayat silang sumapi sa BHB dahil nakikita nila kung paanong inako ng mga Pulang mandirigma ang pagtatanggol sa kanilang mga interes at paglaban para sa kanilang kapakanan. Nakakuha ng kakampi ang masang magsasaka sa BHB sa kanilang pakikibaka laban sa


diktadura, pang-aapi at pagsasamantala ng uring panginoong maylupa. Dahil may BHB na kanilang hukbo, ang masang magsasaka ngayo'y matatag nang makatitindig nang taas-noo sa harap ng kanilang mapang-aping mga panginoon.

Mula sa kabundukan ng Sierra Madre at Cordillera sa Luzon hanggang sa kabundukang Pantaron sa Mindanao, sumasapi at sumusuporta sa BHB ang mga pambansang minorya dahil ipinagtatanggol ng hukbong bayan ang kanilang mga interes at tumutulong sa kanila na labanan ang pang-aagaw ng lupa ng mga kumpanya sa pagtotroso, mga may-ari ng plantasyon at kumpanya sa minang protektado ng militar. Dahil sa BHB, mayroon silang alyado sa kanilang pagtatanggol sa lupaing ninuno at sa pagtataguyod ng kanilang kultura. Sa unang pagkakataon sa kanilang kasaysayan, binigyan sila ng respeto at pagpapahalaga, salungat sa pagmamaltrato, terorismo at intimidasyon na matagal na nilang nararanasan sa ilalim ng armadong mga mananakop at mang-aapi.

## Q Paano ipinaliliwanag ng PKP ang terorismo?

Sa layunin ng kasalukuyang diskurso, maipaliliwanag natin ang terorismo bilang sistematikong pandarahas ng isang entidad na kalahok sa armadong tunggalian laban sa mga sibilyan o di-armadong mamamayan upang maghasik ng takot sa hanay nila at pwersahin silang yumuko sa kagustuhan ng teroristang entidad.

Sa ligal na mga termino, maaaring sabihin na ang terorismo ang kusang pagsawalang-bahala ng mga internasyunal na makataong batas at alituntunin sa digma na isinasaad sa mga insturmento katulad ng Geneva Protocols. Ang mga kumbensyong ito ay binalangkas para sa proteksyon ng mga sibilyan at yaong hindi lumalahok sa armadong mga labanan. Magugunita na nabuo ang mga ito ng internasyunal na komunidad noong dekada 1930 sa pag-asang masawata ang mga tipo ng brutalidad at paghihirap na isinagawa noong Holocaust at mga abuso sa panahon ng World War I.




## Q Ano ang tindig ninyo sa terorismo?

Mahigpit na nilalabanan ng Partido at Bagong Hukbong Bayan ang terorismo. Ang terorismo o karahasan laban sa di-armadong mga sibilyan ay labag sa batayang mga prinsipyo ng Partido.

Ang terorismo ay isang krimen na walang-patid na kinukundena ng Partido. Kinundena ng Partido ang teroristang atake sa World Trade Center noong Setyembre 11, 2001, gayundin ang paghulog ng US ng mga bombang atomiko sa Hiroshima at Nagasaki noong 1945 na pumatay ng aabot sa sangkapat na milyong sibilyan. Kinundena nito ang paghulog ng US ng 21,000-librang "ina ng lahat ng bomba" sa Afghanistan noong 2017 at ang walang-humpay na atake ng mga drone at mga airstrike sa Pakistan, Iraq, Syria sa nagdaang sampung taon o higit pa na nagresulta sa pagkamatay ng libong sibilyan.

Ang imperyalismong US ang pinakamalaking terorista sa modernong kasaysayan na pumatay ng milyun-milyong sibilyan sa mga digmang agresyon at pananakop na inilunsad nito mula nang pumasok ang ika-20 siglo. Ang terorismo ng imperyalismong US ay itinutulak ng hangaring mag-angkin ng mga pamilihan, pagkukunan ng hilaw na materyales at saklaw ng pamumuhunan at kontrol sa mga ruta ng kalakalan. Sa Pilipinas, naglunsad ang mga pwersang mananakop ng US ng pinakamalulubhang porma ng terorismo laban sa mamamayang Pilipino sa tinagurian nilang "kampanyang pasipikasyon" na kabilang ang kampanya noong 1901 na gawing "humahagulhol na kasukalan" ang Samar sa pamamagitan ng pagpatay sa lahat ng lalaking 10 taong gulang pataas. Patuloy na naglulunsad ng maruming mapanghimasok na gerang kontrainsurhensya ang US sa Pilipinas gamit ang AFP.

Mapang-api ang terorismo sa mamama-

yan. Salungat ito sa mga layunin ng Partido na bigyang-kapangyarihan ang masa. Labag ito sa layunin ng pambansa at panlipunang paglaya. Hindi mapakakawalan ang rebolusyonaryong potensyal ng mamamayan sa pamamagitan ng terorismo. Tuwirang kasalungat ng terorismo ang rebolusyon. Kontrarebolusyonaryo ito.

Kung salungat dito ang paniniwala ng PKP at BHB, hindi sana sila nakapag-ugat sa hanay ng mga manggagawa, magsasaka at iba pang demokratikong sektor, naitaas ang kanilang panlipunan at pampulitikang kamalayan, nakapagtayo ng kanilang mga organisasyong pangmasa at mga organo ng kapangyarihang pampulitika at napakilos sila nang maramihan.

Patuloy na kumukuha ng lakas ang Partido at BHB sa bukal ng suporta ng masa dahil matatag nilang itinataguyod ang mga interes at kapakanan ng malawak na masa.

## Q Hindi ba't sa pag-aarmas laban sa gubyerno ay nagiging terorista ang PKP/BHB?

Hindi. Hindi terorismo ang pag-aarmas ng aping mamamayan laban sa kanilang mga mang-aapi. Unibersal na kinikilala ang karapatan ng mamamayan na humawak ng armas laban sa mang-aapi o dayuhang mananakop. Makatarungan at kinakailangang hakbang ito na kinikilala mula noong sinaunang panahon. Dahil sa pang-aapi, wala halos mababalingan ang masa kundi humawak ng armas at ipagtanggol ang kanilang mga sarili.

Ang digmang bayan na inilulunsad ng Bagong Hukbong Bayan ay karugtong ng armadong paglaban ng Katipunan para sa pambansang paglaya. Ang layunin ay makamit ang pambansa at panlipunang paglaya. Ang mga layuning ito ay buong-pusong niyayakap ng mahihirap na masang magsasaka, manggagawa at iba pang aping mga uri at sektor.

Ang digmang bayan sa pangunahin ay digmang magsasaka, na nagbibigay ng pambansang hugis sa tuluy-tuloy na mga pag-aalsang magsasaka. Patuloy itong naglalagablab sa kanayunan dahil walang ibang mapagpipilian ang masang magsasaka. Nang tumindig ang masa para sa kanilang karapatan at labanan ang pang-aapi, tumugon ang mga pyudal na panginoon at dayuhang malalaking mananakop sa ekonomya gamit ang armadong lakas, gamit ang mga masaker, pagpaslang at iba pang malulubhang pag-abuso sa karapatan. Tinutulungan sila ng Partido at BHB na tuklasin ang lakas sa pagkakaisa. Tinuruan sila ng kanilang mga mang-aapi kung paano yumuko. Dahil sa Partido at BHB, natuto silang itaas ang kanilang mga kamao.

Pinagtitibay ng lahat ng mga konstitusyong liberal-demokrata at sosyalista ang soberanong kapangyarihan ng mamamayan at ang kanilang soberanong karapatang lumaban at gapiin ang gubyernong naging mapang-api at tiraniko o anumang dayuhang mananakop na lumalabag sa kanilang pambansang soberanya at integridad ng kanilang teritoryo.



## Q Pero hindi ba't labag sa umiiral na mga batas ang paghawak ng armas?

Siyempre, sasabihin ng mapang-api at mapagsamantalang naghaharing mga uri at kanilang mga dayuhang panginoon na sila'y lehitimo at tutuligsain ang armadong pakikibaka. Sa kasaysayan ng bansa, ang mga rebolusyonaryo at mandirigma para sa kalayaan ay lagi nang siniraan sa lahat ng katawagan – mga bandido, tulisan, insurekto, at terorista.

Ngayon, nais ng mga reaksyunaryo na maliitin ang pag-iral ng isang pambansang gerang sibil. Tumatanggi silang kilalanin ang PKP/BHB at NDFP bilang isang pwersang nakikidigma, kahit pa sinasalungat nila ang kanilang mga sarili sa paggigiit sa BHB na tumupad sa mga pamantayan ng internasyunal na mga batas ng digma at mga kasunduan sa karapatang-tao.

Pero sa mata ng aping mga uri, ang naghaharing reaksyunaryong rehimen ang siyang di-lehitimo dahil hindi nito kinakatawan ang interes ng mayorya ng mamamayan. Sa malalaking erya sa kanayunan, halos walang presensya ang reaksunaryong gubyerno liban sa militar na katumbas ng pang-aapi. Dito, kinikilala at sinusuportahan ng masa ang mga batas at patakaran ng kanilang sariling gubyerno na sila mismo ang nagtatag sa pundasyon ng kanilang mga organisasyon.

## Q Kilala ang BHB sa pagsagawa ng mga aksyong militar laban sa mga korporasyong mina at plantasyon. Sinasabi ng militar na terorismo ito dahil nagdudulot ito ng pinsala sa di-armadong mga entidad.



Upang pangalagaan ang kapaligiran, inoobliga ng Partido at mga organo ng kapangyarihang pampulitika ang mga negosyo na nag-oopereyt sa loob ng mga rebolusyonaryong teritoryo na tumupad sa mga patakaran na nagbabawal sa malakihang pagwasak at pagpiga ng rekurso para sa komersyal o kapitalistang supertubo. Ang mga patakarang ito ay naglalayong tiyakin ang pangangalaga ng mga rekurso para sa pagpapaunlad ng industriya sa hinaharap sa ilalim ng demokratikong gubyernong bayan.

Sa pangunahin, ipinatutupad ang mga patakarang ito sa paraang mapanghikayat. Pinapayagang mag-opereyt ang mga negosyo upang kumita ng makatwirang tubo basta't tumatalima sila sa rebolusyonaryong mga patakaran. Ang pamumuwersa o paggamit ng armadong lakas ay pumapasok lang kapag ang mga operasyong ito ay tahasang nagwawalang-bahala sa mga patakaran para sa pangangalaga ng kapaligiran at interes ng mamamayan.

Sa nagdaang mga taon, naging kaalyado ng BHB ang mga pambansang minorya sa kanilang pagtatanggol sa kanilang lupaing ninuno. Nagsilbi ang BHB bilang tagapagtanggol sa kanilang pakikibaka laban sa proyektong Chico River Dam sa Cordillera. Kasama nilang tumindig ang BHB sa pakikibaka laban sa mga operasyong pagtotroso tulad ng kay Enrile sa Samar, mga Puyat sa Surigao, ang Nasipit Company sa Caraga, ang mga Alcantara sa kabundukang Pantaron, mga Consunji sa kabundukang Daguma at iba pa.

Sa nagdaang mga taon, nagpatupad ang BHB ng mga hakbang pamamarusa laban sa mga kumpanya na tumatangging tumupad sa mga patakarang ito at nagdudulot ng malubhang pagkawasak sa kapaligiran at sa sosyo-ekonomikong kapakanan ng mamamayan. Ang mga aksyong ito ay ipinatupad sa utos ng kinauukulang mga organo ng kapangyarihang pampulitika. Sa esensya, ang mga ito ay pagsasapraktika ng kapangyarihang pang-estado katulad ng kung paano sinasamsam, kinukumpiska o sinisira ng ibang gubyerno ang pag-aari o yaman ng mga negosyong lumalabag sa batas.

## Q Hindi ba totoo na nagkaroon ng mga insidente sa nakaraan kung saan natamaan ang mga sibilyan sa mga armadong aksyon ng BHB? Hindi ba ito terorismo? Itinuturing ninyo ba ito bilang *collateral damage*?

Pinamamahalaanan ang BHB ng matibay na prinsipyo at istriktong patakaran na huwag pinsalain ang sibilyang populasyon at iwasan ang paglulunsad ng mga operasyong militar na makasasakit sa mga sibilyan. Pero may mga insidente sa nakaraan kung saan aksidenteng nasugatan o namatay ang mga sibilyan sa mga aksyong militar ng BHB. Kadalasa'y resulta ito ng kabiguan sa bahagi ng BHB na magsagawa ng eksaktong paniktik.

Bago maglunsad ng ambus laban sa isang yunit militar, sinisikap ng BHB na tiyaking walang mga sibilyan sa loob ng sasakyan. Di na mabilang na mga ambus ang iniatras matapos makatanggap ng impormasyong may lulang sibilyan ang sasakyan.

Kapag may mga pagkakamali at nasasaktan ang mga sibilyan, buong-pagsisikap na nagsasagawa ang BHB ng pagwasto ng mga kamalian. Dagdag sa internal na pagwawasto-sa-sarili at mga aksyong pandisiplina, nagsasagawa ang BHB ng pagpuna-sa-sarili sa harap ng publiko at nagsisikap na magbayad-pinsala sa biktima o kanilang pamilya.

Gayunman, pinag-iiba ng PKP at BHB ang mga sibilyan sa mga pwersang paramilitar, vigilante, armadong bodyguard ng mga indibidwal na dapat arestuhin pero lumalaban sa

pag-aresto, at iba pang armadong organisasyon na suportado ng AFP. Mapanlinlang silang inilalarawan ng AFP bilang mga "walang kalaban-labang mga sibilyan." Sa katunayan, ang mga elementong ito ay armado at aktibo sa mga operasyong kontrainsurhensya, at sa gayo'y lehitimong mga target-militar.

## Q Ano ang inyong pananaw sa *Anti-Terrorism Act*?

Ang Anti-Terrorism Act ni Duterte ay isang batas sa terorismo ng estado. Binabaligtad nito ang mga unibersal na pamantayan sa makatarungang proseso. Binubuwag nito ang burges-liberal na mga prinsipyo sa batas, pinagbabantaan nito ang mga sibil at pampulitikang karapatan, sinisira nito ang hudikatura, at nagbibigay-daan sa pasismo at walang pakundanang tiraniya, malisya at kapritso. Ito ay anti-demokratiko at anti-mamamayan. Itinatakda nito ang "ligal" na balangkas para sa malawakang panunupil sa demokratikong karapatan. Pinalakas nito ang loob ng mga militarista.

Ang ekstraordinaryong kapangyarihang ibinibigay nito kay Duterte at sa kanyang pangkat ay higit na nagpapatibay sa teroristang paghahari ng kanyang mamamatay-taong rehimen. Inaasahan natin na ang ATA ay gagamitin para patindihin ang kampanya laban sa mga progresibo at demokratikong pwersa, gayundin sa konserbatibong mga pwersa ng oposisyon, higit lalo kaugnay ng mga iskema ni Duterte para panatilihin ang sarili sa kapangyarihan at maghasik ng pasistang diktadura na mas malupit kaysa nang kay Marcos.

Ang mga upisyal sa militar ni Duterte ay kating-kati nang gamitin ang ATA laban sa mga aktibista at kritiko ng rehimen. Malinaw ang kanilang taktika: italaga at ideklara ang CPP/NPA bilang terorista, at i-red-tag o bansagan ang mga ligal na organisasyon at mga indibidwal bilang tagasuporta, kasapi o kaalyado ng PKP/BHB para bigyan-katwiran ang kanilang panunupil sa pamamagitang ng maramihang pag-aresto, tortyur, at maramihang pagpatay tulad nang sa Oplan Tokhang.

Iniangat ni Duterte ang "anti-terorismo" at "pagwawakas sa lokal na komunistang armadong tunggalian" sa susing patakarang pang-estado na nagbigay sa militar ng sentral na tungkulin na patakbuhin ang mga usapin ng estado. Ang doktrina ng sibilyang kontrol sa militar na nakasaad sa konstitusyon 1987 ay naisantabi. Ang mga sibilyang ahensya ay napipilitang magmartsa sa kumpas ng militar kundi ay maakusahang pumapanig sa mga "terorista."

## Q Anong masasabi mo sa nagdaang sunud-sunod na pangre*red-tag*?

Ang nagdaang sunud-sunod na pangrered-tag ng mga upisyal ng AFP laban sa mga personahe at organisasyon ay labis na kakundi-kundena. Ang red-tagging ay parang minamarkahan ang sinumang lilikidahin. Ang kayabangan ng AFP sa pangrered-tag ay nagpapakita kung paano silang pinabagsik ng ATA. Para tayong bumalik sa madilim na panahon ng McCarthyism ng huling bahagi ng 1950s at 1960s. Kahit sinong mayroong progresibo at patriyotikong pagkiling ay isinasailalim sa antikomunistang panunugis.

Ang pangrered-tag at pagbabansag bilang terorista ay taktikang nakadisenyo para ilagay ang mga progresibo at demokratikong pwersa sa isang depensibong pusisyon sa pulitika at ilayo ang loob ng ligal na demokratikong pwersa sa armadong rebolusyon. Ang "teroristang" kampanya ng paninirang-puri laban sa PKP at BHB ay walang saysay na pagkwestyon sa pagkamakatarungan ng demokratikong rebolusyong bayan at ang pangangailangan na maglunsad ng armadong paglaban.

Gayunpaman, napatutunayang kontra-produktibo ang taktikang ito. Inudyukan nito ang mamamayan na lumaban. Higit nitong inilalantad ang ATA bilang sandata ng panunupil sa demokratikong mga karapatan ng mamamayan. Imbes na umani ng suporta, lalong ginagalit ng AFP ang mas maraming bilang ng mamamayan at nagawa lamang na lalo silang mahiwalay sa karamihan.

Ang mga nired-tag ay mayroong karapatan na kundenahin ang AFP at NTF-ELCAC sa ka-

nilang panunugis. Tama nilang iginigiit na ang "aktibismo ay hindi terorismo" at hinihingi na irespeto ang kanilang karapatan sa malayang pagpapahayag. Kinakailangan ding igiit na hindi terorismo ang pagsunod sa landas nina Bonifacio at Sakay, paglulunsad ng rebolusyon, pag-aarmas at paglulunsad ng makatarungang digma para sa pambansang pagpapalaya.

## Q Paanong maaapektuhan ng ATA ang PKP/BHB?

Hindi ko nakikita kung paanong pahihinain ng ATA ang BHB at rebolusyonaryong armadong kilusan. Sinasabi ng AFP na pipigilan nito ang rekrutment ng BHB sa mga syudad. Paano nila gagawin iyon? Sa pagsupil sa karapatan ng mga aktibsita na yakapin ang pambansa-demokratikong adhikain ng mamamayan at kanilang pag-oorganisa at paglilingkod sa masa? Hindi natututo sa kasaysayan ang mga pasistang ito. Hindi magugupo ang isang rebolusyon sa pagsupil sa ideya ng rebolusyon at pagkubli sa bulok na reyalidad ng lipunan na nag-uudyok sa mamamayan na mag-armas.

Sa tingin ko, babalikwas din sa mga reaksyunaryo ang ATA. Habang hindi maipagkakaila ang nakatatakot at nakalulumpong epekto ng iligalisasyon, ang masa ay tiyak na tututol at lalaban. Sa ngayon, nilalabanan ng mamamayan ang pangrered-tag ng AFP sa mga progresibo at demokratikong pwersa at kanilang mga kaalyado, kaibigan at mga asosasyon.

Imbes na wakasan ang rekrutment sa BHB, ang panunupil sa pambansa-demokratikong adhikain sa ilalim ng ATA ay magtutulak lamang sa mas maraming manggagawa, kabataan, walang trabaho, kababaihan, at iba pang sektor na lumahok sa rebolusyonaryong armadong pakikibaka. Habang pinatitindi ang panunupil, lalong lalakas ang pag-aaklas ng mamamayan.

## Q Idineklara ng rehimen ang planong isama ang PKP/BHB sa listahan ng mga nakatalagang terorista. Plano niyo bang hamunin ito?

Hindi kinikilala ng Partido at ng NDFP ang hudisyal na mga proseso ng reaksyunaryong gubyerno at walang plano na lumahok sa mga proseso ng korte laluna sa ilalim ng batas na nakadisenyo pangunahin para supilin ang Partido at ang demokratilong karpaatan ng mamamayan. Kahit anong proseso sa ilalim ng ATA ay kalokohan at dapat tuligsain ng rebolusyonaryong mga pwersa at ng mamamayan.

Ang plano na italaga ang PKP at BHB bilang terorista, gayumpaman, ay unang hakbang pa lamang sa estratehiya na gamitin ang ATA laban sa lahat ng demokratikong pwersa na basta-basta na lamang tinataguriang "front", "taga-suporta" o "simpatisador" ng PKP at BHB. Kaya naman maaari ring ikonsidera ng mga abugado at ibang intersadong partido ang opsyon na kwestyunin ang mga planong italaga ang PKP alinsunod sa ligal na opinyon na ang krimeng "terorismo" batay sa ATA ay hindi maaaring ilapat sa "rebelyon" na inilulunsad ng PKP/BHB. Ang pananaw na ito ay inihayag kamakailan ni dating Supreme Court Associate Justice Antonio Carpio.



## Q Sa ilalim ng ATA, maaaring italaga ng gubyerno ang mga organisasyong inilista ng United Nations bilang terorista, o kung inirekwes ng ibang bansa o ibang internsyunal na entidad. Makaapekto ba ito sa PKP at BHB?

Tulad nang sinabi ko na, ang PKP at BHB, sa katunayan, ay hindi kabilang sa listahan ng mga teroristang organisasyon ng United Nations Security Council. Taliwas sa paulit-ulit na pahayag ng AFP at ng gubyernong Duterte, hindi kabilang ang PKP at BHB sa mga listahang terorista ng Canada, United Kingdon at Australia.

Ang PKP at BHB ay kabilang lamang sa listahan ng mga "teroristang organisasyon" sa tanging tatlong dayuhang entidad, ang United States, New Zealand at European Union. Ang pagkakabilang ng PKP at BHB sa mga listahang ito ay walang batayan. Hinihikayat ang mga bansa at entidad na ito na kagyat tanggalin ang PKP at BHB mula sa mga listahang ito. Kundi, maaari itong gamitin ng rehimeng Duterte sa ilalim ng ATA para bigyang katwiran ang ibayong panunupil sa demokratikong mga karapatan. Tiyak ako na ayaw ng mga bansa at entidad na ito na makilalang nakikipagsabwatan sa pasistang si Duterte.

Ang pagkakabilang ng PKP/BHB sa "listahan ng mga dayuhang terorista" ng US, higit pa, ay ginagamit ng State Department para bigyang katwiran ang interbensyong militar sa bansa at ang taunang tulong-militar sa AFP para sa pagbili ng mga sarplas na kagamitang militar ng US. Gingagamit ito ngayon para bigyang katwiran ang suportang militar para sa maruming gera ng rehimeng Duterte.

Sa ilalim ng mga batas ng digma, ang rebolusyonaryong gubyerno ng mamamayan na nakabase sa kanayunan ay mayroong katayuan bilang pwersang nakikipagdigma, na mayroong nasasakupang ilang milyong mamamayan, mayroong teritoryo, mayroong sistema ng administrasyon at mayroong hukbong bayan na nasa ilalim ng kumand nito. Ito ay kalaban sa digma ng reaksyunaryong gubyernong nakabase sa Manila sa digmaang sibil.

Pinakamainam para sa internasyunal na komunidad na kilalanin ang rebolusyonaryong gubyerno ng mamamayan bilang pwersang nakikipagdigma para mapaunlad ang paglalapat ng internasyunal na makataong mga batas at pagrespeto sa karapatang-tao at hikayatin ang pagpapanumbalik ng usapang pangkapayapaan na makaisang-panig na winakasan ng rehimeng Duterte.

## Q Sinasabi ni Duterte na ang BHB ay terorista dahil pinapatay ang mga sundalo. Anong masasabi mo?

Ang PKP at BHB ay lumalahok sa isang digma laban sa reaksyunaryong estado, partikular sa armadong pwersa nito. Kumikilos ang BHB alinsunod sa mga internasyunal na panuntunan ng digma, gayundin sa sarili nitong panuntunan ng disiplina.

Sa takbo ng isang digmaang sibil, ang mga armadong elemento sa magkabilang panig ay napapaslang o nasusugatan. Isa itong hindi maiiwasang resulta ng armadong tunggalian. Subalit para sa BHB, ang pagpaslang sa armadong kalaban ay hindi mismong layunin ng digma; bagkus, ang layunin ay bawasan at tanggalan ng kakayahan ang kaaway na maglunsad ng digma alang-alang sa makitid na interes ng naghaharing mapang-api at mapagsamantala.

Makailang ulit na itong ipinamalas ng BHB kung saan nagtagumpay ito nang hindi nagpapaputok o pumapaslang sa armadong kalaban. Ang mga armadong kalaban na sumuko, nalupig, o wala nang kapasidad na lumaban ay maluwag na pinakikitunguhan sa lahat ng panahon. Ang mga sugatang kalaban ay binibigyan ng paunang lunas. Ang mga nadadakip na upisyal at sundalo ay itinuturing na mga bihag ng digma na mayroong karapatan.

Sa kasalukuyang yugto ng armadong tunggalian, ang kagyat na layunin ng BHB ay samsamin ang mga armas ng kaaway para ma-ar-

masan ang higit na maraming mamamayan at magtayo ng mas maraming yunit ng BHB. Ito ang rason kaya sa labanan ay madalas maririnig ang mga mandirigma ng BHB na ipinasusuko na lamang ang mga armas ng kalaban.

Ang maluwag na pakikitungo ng BHB sa mga sugatan, sumuko, nalupig at nahuling armadong elemento ng AFP ay kabaligtaran sa brutal at malupit na pagtratong dinadanas ng mga Pulang mandirigma kung sila ay nasugatan sa labanan. Patas lamang na dapat matamasa ng mga armadong elemento ng BHB ang mga karapatan na likas sa kanila sa ilalim ng Geneva Conventions at siyang ipinagkakaloob ng BHB sa mga sugatan o napaslang na sundalo ng AFP.

## Q Anong masasabi mo sa mga pahayag ng AFP na ang paggamit ng BHB ng mga *land mine* ay terorista o lumalabag sa internasyunal na mga batas?

Ang mga _command detonated explosive_ (CDX) na ginagamit ng BHB ay pinahihintulutan sa ilalim ng mga internasyunal na tratado, kabilang ang Ottawa Treaty. Ang tratadong ito ay nagbabawal lamang sa anti-personnel na mga _land mine_ na sasabog kung maaapakan o matitisod. Sa pagkakaunawa namin, ang layunin ng tratado ay para iwasan na aksidenteng mapaslang o mapinsala ang mga sibilyan. Gusto ko rin banggitin bilang dagdag na kaalaman na hindi pumirma ang United States sa tratadong ito, at ang mga kumpanyang US ang nasa unahan ng pagmamanupaktura ng mga ito at iba pang klase ng mga labag sa batas na armas.

Bagaman ang NDFP ay hindi nakapirma sa Ottawa Treaty, ang PKP at BHB ay makailang-ulit na nagpahayag ng pagsang-ayon na tinututulan nito ang paggamit ng contact-detonated landmines. Sa praktika, ang BHB ay gumagamit ng pampasabog na sadyang pinapuputok lamang sa panahon ng labanan sa kalabang armadong yunit. Ang BHB ay bukas na isailalim ang mga armas na ito sa inspeksyon ng mga internasyunal na ahensyang humanitarian para tiyakin ang pagsunod nito sa umiiral na mga tratado.

Hinihikayat namin ang lokal at internasyunal na mga komunidad ng mga tagapagtaguyod ng karapatang-tao at batas humanitarian na bigyang atensyon ang dumadalas na paggamit ng AFP ng mga aerial bomb. Ang paghuhulog ng mga 500-librang bomb sa mga kabundukan at kaparangan gayundin ang pagsasagawa ng istraping na hindi lamang nagsasapanganib sa buhay ng mga sibilyan, kundi nagdudulot din ng pagkasira sa kanilang kabuhayan.

## Q Ano ang reaksyon mo sa pahayag ng AFP na napahina na nito ang BHB at nakatakda itong durugin ang BHB bago matapos ang termino ni Duterte?

Hindi na bago at walang katotohanan ang mga pahayag na ito ng AFP. Parang sirang plaka na ang sunud-sunod na mga pamunuan ng AFP sa nagdaang mga dekada. Ngunit ang lahat ng mga pahayag na ito ay napasisinungalingan ng paglawak ng BHB na malinaw na makikita sa tuluy-tuloy na pagtaas ng antas ng digmang bayan sa nagdaang ilang taon. Dahil kakarampot lamang ang rekurso ng BHB kumpara sa AFP na sinusuportahan ng US, hindi nito magagawang magpreserba o magpalakas kung walang suporta ng masa.

“Durugin ang BHB” ang naging paulit-ulit na pinakalayunin ng lahat ng nagdaang rehimen, ng kanilang kaukulang pamunan ng AFP at kani-kanilang mga anim na taong plano. Bigo ang lahat ng nagdaang pamunuan ng AFP at mga rehimen na maabot ang layuning ito. Hindi na mabilang kung ilang beses nilang iniusod ang kanilang mga dedlayn.

## Q Anong masasabi mo sa mga ulat ng AFP na ilanlibong BHB na ang sumuko?

Puro kasinungalingan ang ibinibida ng AFP na ilanlibong "surrenderee" ng BHB. Ang bilang na ngayo'y umaabot na sa 10,000 o 15, 000 ay malayong lumampas na sa iba't ibang pagtataya ng AFP sa lakas ng BHB na 3,000 hanggang 5,000. Gayunpaman, halos hindi nagbabago ang pagtataya ng AFP sa bilang ng mga mandirigma ng BHB.

Sinusubukang ipaliwanag at ilusot ng AFP ang pinalobong bilang na ito sa pagsasabing ang mga "surrenderee" ay kinabibilangan ng mga milisya at tagasuporta ng BHB na nagdesisyong "sumumpa ng katapatan" sa gubyerno. Sa ganito, hindi sinasadyang aminin ng AFP na ang mga tao sa mga lugar na ito ay nasa ilalim ng rebolusyonaryong pampulitikang pamumuno at na sila, sa katunayan ay mga mananalakay.

Gayunman, ang mga ibinibidang "surrenderee" ay bahagi ng multi-bilyong pisong panggogoyo ng AFP na "livelihood assistance," "housing projects" at "community integration" kung saan malaking halaga ng pampublikong pondo ang dumidiretso sa bulsa ng mga heneral ng AFP at panggitnang upisyal. Sa kabilang banda, patuloy nilang iginigiit na ang BHB ay mayroong ilanlibong mandirigma para bigyang matwid ang pinalobong badyet para sa kontra-insurhensya kung saan tumatabo ang mga heneral mula sa pagbili ng mga kagamitang militar na sobra-sobra ang patong sa presyo. Lahat ng ito ay malaking panloloko.

## Q Sino ngayon ang sinasabi ng militar na mga "surrenderee"?




Ang ilanlibong magsasaka at minoryang mamamayang ipinarada ng AFP bilang mga "surrenderee" ay katunaya'y biktima ng panlilinlang, intimidasyon at pamimilit ng AFP. Ang kanilang mga sibil na karapatan ay sistematikong nilalabag ng taktika ng militar na arbitraryong pagbabansag sa mga tao bilang "suporter ng BHB" nang hindi nagsasampa ng kaso sa korte laban sa kanila kung saan maaari nilang ipagtanggol sana ang sarili. Ang mamamayang pinag-iinitan ng militar ay kinakailangang magpa-"clear" ng kanilang pangalan sa pamamagitan ng pagpapailalim at "pakikipagtulungan" sa militar sa banta ng pagganti ng AFP.

Ang mga paraang ito na ginagamit ng AFP ay nagdudulot ng malalim na pagkamuhi ng mamamayan dahil ginugulo ang kanilang kabuhayan at pamumuhay ay ginigipit ang kanilang mga karapatan. Sa maraming lugar, pinipigilan ang mamamayan na bumili at mag-imbak ng bigas at iba pang mga suplay sa kanilang bahay. Nagtatayo ng mga tsekpoynt para pigilan ang mamamayan na malayang kumilos. Pinagbabawalan ang mga magsasaka na magtrabaho sa kanilang sakahan. Ginagamit ng mga militar ang mga istrukturang sibilyan kabilang ang mga eskwelahan at sentro ng barangay bilang mga baraks na labag sa internasyunal na panuntunan sa digma. Ang mga walang disiplina at bastos na sundalo ng AFP ay masamang impluwensya dahil sa paghihikayat nila ng pornograpiya at paggamit ng droga sa mga kabataan. Ginugulo nila ang kapayapaan sa mga gabing-gabi nilang pag-iinuman at walang pakundangang pagpapaputok ng armas.

## Q Anong masasabi mo sa "whole of nation approach" na ipinatutupad ng AFP at ng NTF-ELCAC sa paglaban sa PKP at BHB?

Ang "whole of nation approach" ay bukambibig ng AFP na halaw sa gabay sa kontrainsurhensya ng militar ng US. Ang layunin nito ay ipailalim ang mga sangay at ahensya ng gubyerno, gayundin ang mga entidad na hindi kabilang sa gubyerno, sa ilalim ng kumand at pamumuno ng miltar.

Sa ganitong pananalig, dinadala ng AFP ang mga prayoridad ng mga konseho ng mga baryo at bayan tungong kontrainsurhensya. Dinodomina ng AFP ang lokal na gubyerno sa pamamagitan ng tinatawag na "peace and order councils" kung saan nakikisawsaw sila kahit sa mga planong pang-ekonomya. Sinisindak ng AFP ang lokal na mga upisyal. Pinipilit ng AFP ang mga konseho ng gubyerno na maglabas ng mga resolusyong "persona non grata" laban sa PKP/BHB sa takot na mapagbuntunan ng galit ng militar at maakusahang "nagpapaunlak sa mga terorista."

Maraming lokal na upisyal ang hindi natutuwa sa pakikialam ng mga upisyal ng militar sa lahat ng aspeto ng sibilyang pamumuno. Ang nakikita natin, sa katunayan, ay kung paanong kinokontrol ng militar ang buong estado. Ang prinsipyong "sibilyang kontrol sa militar" ay sinira ng tinatawag na "whole of nation approach" na nagpapasailalim ng lahat sa dikta at kontrol ng AFP.

Sa pinakabatayang mga antas, ang ganitong mga taktika nang pamimilit at intimidasyon na ginagawa ni Duterte at ng AFP ay nagpapakita ng kawalang kakayahan ng reaksyunaryong mga uri na makapamuno nang hindi nagtutungo sa lantarang pasistang pamamaraan nang panunupil sa mamamayan. Gayunpaman, ang ganitong mga taktikang nakasalalay sa panunupil ng militar, kaysa sa pampulitikang panghihikayat, ay hindi kayang magtagal at kontra-produktibo sa pangmatagalan.

## Q Sa tingin mo ba ay mayroong problema ng terorismo sa Pilipinas?

Oo, mayroong problema ng terorismo sa Pilipinas at ito ay ang terorismo ng estado sa ilalim ng rehimeng Duterte.


Sa higit apat na taon na ngayon, isinailalim ni Duterte ang mamamayang Pilipino sa walang kaparis na brutalidad at kasamaan. Ang teroristang estado ni Duterte ay kinatatampukan ng maramihang pagpaslang sa pekeng gera kontra droga, ekstrahudisyal na pagpaslang sa mga aktibistang magsasaka, tagapagtanggol ng karapatang-tao, mga organisador ng unyon, tagapagtanggol ng kalikasan at ibang pulitikal na personahe, sarbeylans at pangrered-tag, pagsosona sa mga baryo sa kanayunan, walang pakundangang paghuhulog ng bomba at paggamit ng kanyon, pamimilit sa mga tao na "sumuko" nang walang sapat na proseso at iba pa.

Ang terorismo ng rehimeng Duterte ay nagresulta sa matinding paglabag sa karapatang-tao. Ang terorismo ng estado ay ginagamit ni Duterte para patahimikin ang kanyang mga kritiko at takutin ang oposisyon sa matinding hangaring tiyakin ang kanyang kapangyarihan at ipagpatuloy ang kanyang paghahari na binabahiran ng korapsyon at pambansang pagtataksil.

## Q Mayroon ka bang mensahe sa mga estudyante at kabataang Pilipino?

Gustong patayin ng mga pasista ang ideyalismo at patriyotikong diwa ng kabataang Pilipino na sa nagdaang mga dekada ay nagbigay-sigla sa ilang henerasyon ng pakikibaka para depensahan ang demokrasya, ipaglaban ang hustisya at labanan ang mga diktadura. Sa pagpigil sa mga kabataan na aktibong makibahagi sa usaping panlipunan, layon ng mga reaksyunaryo na ipalialim ang lahat sa kanilang awtoridad at kontrol.

Sa kritikal na sandaling ito ng kasaysayan ng bansa kung saan layon ni Duterte na konsolidahin at ipatupad ang kanyang tiranikong pamumuno, napakakritikal para sa mga kabataan na panatilihin ang paglalagablab ng rebelyon. Iyan ang inaasahan sa inyo ng mamamayang Pilipino.



Kawanihan sa Impormasyon
Partido Komunista ng Pilipinas
Disyembre 2, 2020